



Ang Los Angeles Unified at AT&T ay Naghahatid ng High-Speed na Internet sa mga Tahanan ng mga Estudyante para Mapunan ang Agwat sa Digital

Ang Broadband na may Bilis na hanggang 1 GIG ay Ibinibigay nang Libre sa mga Pamilya sa Pamamagitan ng Emergency Connectivity Fund ng FCC

LOS ANGELES, Mayo 3, 2022

Ano ang balita? Ang Los Angeles Unified School District at [AT&T*](#) ay nagbibigay ng high-speed na broadband sa mga tahanan ng mga estudyante nang walang gastos ang kanilang pamilya. Habang binabanaag natin ang kinabukasan ng edukasyon, ang connectivity ang bagong lapis at papel. At sa pamamagitan ng magkasamang pagsisikap na ito, mas maraming estudyante at sambahayan sa Los Angeles ang magkakaroon ng maaasahang internet na kailangan para lubos na makasali sa edukasyon at digital na buhay.

Pamumuhunan ito sa high-speed na internet para makapagtayo ng mas mabuting bukas para sa mga estudyante ng Unified Los Angeles at mga pamilya nila. Pinopondohan ang programa sa pamamagitan ng Emergency Connectivity Fund ng FCC hanggang Hunyo 2023 at pinag-aaralan ng distrito ang mga opsiyon para magawang magamit ng nangangailangang mga estudyante ang mga serbisyo nang matagalan.

Noong Pebrero, inanunsiyo ni Superintendent Alberto M. Carvalho ng Los Angeles Unified ang kanyang 100 Araw na Plano para palawakin ang mga mataas ang kalidad na pang-akademikong oportunidad sa Los Angeles Unified. Bilang bahagi ng kanyang plano, inilulunsad ng distrito ang “All Families Connected (Konektado Lahat ng Pamilya)” na programa, na nilikha para tiyaking mayroong access ang bawat estudyante sa tamang mga kasangkapan ng teknolohiya, connectivity na mataas ang kalidad sa loob at labas ng kampus, at digital na kaalamang kailangan para maisulong ang digital na mundo.

“Sa isang panahon kung kailan lalong nagiging digital ang pagtuturo at pag-aaral, ang access sa maaasahang mabilis na internet ay karapatang pantao,” sabi ni **Superintendent Alberto M. Carvalho**. “May responsibilidad tayo bilang mga edukador na tiyaking taglay ng bawat estudyante ang kasangkapang kailangan para ma-access ang bawat makukuhang oportunidad sa pag-aaral, at kasama rito



ang maaasahang access sa internet, buong araw, sa loob at labas ng kampus. Kung walang maaasahang access sa internet, mawawalan ang mga estudyante natin ng kailangan nila sa pag-aaral. Ganoon lang kasimple iyon. Walang humpay ang pagsisikap ng Los Angeles Unified na bigyan ang ating mga estudyante ng mga mapagkukunang kailangan nila para makamit ang kanilang ganap na pang-akademikong potensiyal.”

“Pinupuri natin si Superintendent Carvalho at ang pangkat niya sa paglikha ng programang nagdadala ng internet sa mga tahanan ng mga estudyante ng Los Angeles Unified na hindi konektado sa mabilis na internet ngayon,” sabi ni **Rhonda Johnson, Presidente, AT&T California**. “Alam nating hindi lang sa pisikal na mga silid-aralan nangyayari ang pag-aaral, kaya mahalaga ang maaasahang connectivity sa tahanan para yumabong ang mga estudyante ngayon at sa hinaharap. Ang pagsisikap na pagtutulongan ay isa pang halimbawa ng kung paano puwedeng gumanap ng mahalagang papel ang pagtutulongan ng publiko at pribado sa pagkonekta sa ating mga komunidad sa California.”

Bakit mahalaga ito? Kahit bago pa ang pandemya, ang mga pinuno ng Edukasyon sa IT ay [nagpahayag](#) ng lumalaking pag-aalala tungkol sa access ng mga estudyante sa bahay sa maaasahang connectivity sa internet, madalas na tinutukoy bilang Homework Gap. Kung walang sapat na access sa internet, puwedeng maharap ang mga estudyante sa mga usapin ng mabagal na connectivity at kung maraming estudyante sa isang sambahayan, lumulubha ang problema. Sa Los Angeles County, [19% ng sambahayan](#) ang alinman sa walang koneksiyon o umaasa sa mga smartphone para sa connectivity sa internet.

Diyan mahalaga ang mabilis at maaasahang internet—sa loob at labas ng silid-aralan. Ang programa ng Los Angeles Unified ay magbibigay sa mga pamilya ng access sa mabilis na mga serbisyo sa internet ng AT&T, kasama ang bilis ng pag-upload at pag-download na hanggang 1 GIG sa AT&T FIBER®, para hindi bumagal ang pag-aaral. Binabago ng mabilis na internet ang trabaho, pag-aaral, pamumuhay at paglalaro ng mga pamilya—lumilikha ng mga oportunidad sa ekonomiya at mas malakas na mga komunidad.

Sino ang magkukuwalipika para sa programang ito?

Karapat-dapat para sa programang ito ang mga pamilyang may mga estudyanteng kasalukuyang nakalista sa eskuwelahan ng Los Angeles Unified School District at kasalukuyang walang broadband sa bahay.



Paano magpapalista ang kuwalipikadong mga pamilya?

Para sa dagdag na impormasyon sa programang “All Families Connected”, kasama ang kung paano magpalista, bisitahin ang achieve.lausd.net/connect o tumawag sa 213.443.1300.

Paano tumutulong ang AT&T na lutasin ang digital na kakulangan sa Los Angeles?

Ang AT&T ay patuloy na ginagawang mas abot-kaya ang internet para sa mga institusyon ng Edukasyon, mga entidad ng Aklatan at Gobyerno para maikonekta ang mga estudyante, guro, tagatangkilik ng aklatan at hindi napaglilingkurang mga pamilya sa buong bansa, kabilang ang Los Angeles.

Inianunsiyo rin noong Disyembre ng kumpanya na magbubukas ito ng tatlong bagong AT&T Connected Learning Centers sa Los Angeles para makapagbigay ng access sa internet at mga kasangkapan sa edukasyon sa mga nakaharap sa mga hadlang sa connectivity na mahalaga sa kanilang pangmatagalang tagumpay. Nagbukas na ng sentro ang AT&T sa YouthSource Center ng Coalition for Responsible Community Development. Magbubukas ang kasunod ngayong araw sa Salvadoran American Leadership & Education Fund (SALEF) at nakaplano para sa katapusan ng taong ito ang sa Vermont Slauson EDC Technology Training Center.

Sa sandaling maikonekta, kinikilala ng AT&T ang kahalagahan ng libreng digital na edukasyon at mga kasangkapan sa pagtuturo na makatutulong sa mga pamilyang magkaroon ng mga kasanayang kailangan para magamit nang ligtas at epektibo ang internet. Kaya nag-aalok ang AT&T ng [libreng kurso sa digital na pag-aaral](#) at mga workshop sa Public Library Association at libreng mga tip at kasangkapan sa online na kaligtasan sa pamamagitan ng AT&T ScreenReady®. Bukod dito, naglunsad din ang AT&T ng digital na plataporma sa pag-aaral para sa mga estudyante ng K-12 na tinatawag na [The Achievery](#), nilikha ng AT&T, na nagtatampok ng mga clip mula sa ilang pinakaminamahal na pelikula, palabas sa TV at animated na serye na katambal ng mga aralin at mga aktibidad sa pag-aaral na nilikha ng nangungunang mga non-profit na organisasyon sa edukasyon. Tumutulong din ang mga empleyado ng AT&T sa pamamagitan ng pagbibigay ng pag-tutor at pag-mentor sa mga estudyante at pamilya sa loob ng Connected Learning Centers.



Bukod sa mga pamumuhunan ng komunidad sa Los Angeles, patuloy ding namumuhunan ang AT&T sa paghahatid ng fiber at connectivity sa lugar na ito. Mula 2018-2020, pinalawak ng kumpanya ang saklaw at pinahusay ang connectivity sa halos **\$2.7 bilyong pamumuhunan** sa wireless at wireline na mga network sa kalakhang rehiyon ng Los Angeles. Sa estado ng California, sinasaklaw ng AT&T Fiber ang higit sa 8 milyong mga linya ng fiber strand.

***Tungkol sa AT&T**

Araw-araw naming tinutulungan ang higit 100 milyong pamilya, kaibigan at kapitbahay sa U.S. na kumonekta sa mga makahulugang paraan. Mula sa unang tawag sa telepono 140+ na taon na ang nakararaan hanggang sa aming 5G wireless at multi-gig na alok sa internet ngayon, nagbabago kami sa @ATT para mapahusay ang mga buhay. Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa AT&T Inc. (NYSE:T), pakibisita kami sa about.att.com. Puwedeng mas matuto ang mga namumuhunan sa investors.att.com.

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin si:

Andrea Huguely
AT&T Corporate Communications
Telepono: 972.207.8630
Email: andrea.huguely@att.com